AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1 - 2
### Aralin 26

| **Pambungad** |
|---|
| Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong ***"Lola Puti" na isinulat ni Russel Molina.*** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan! |

| **Reading for Grades 1-2 Aralin 26** |
|---|
| Book Title: Lola Puti (Part 1) |
| Author: Russel Molina |
| Source: Adarna House / Buribooks |
| Magandang araw! Kumusta na tayong lahat ngayon? Ako si Teacher Hams 👩🏻‍🏫 para sa Reading lesson natin! 💜📚 Ang babasahin nating ngayong araw ay ang unang bahagi ng istoryang pinamagatang "Lola Puti" ni Ginoong Russel Molina. 👨🏻‍💼<br><br>🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**<br>Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isang ating:<br><br>(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣<br>(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓<br>(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽<br><br>Pangako 'yan kada kwento natin, ha? ☺<br><br>💬 **TALASALITAAN**<br>Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa ibabang makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! |

Maaari rin magtanong sa ating nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

(1) **Hibla**
(2) **Hiyaw**
(3) **Pumupurol**

Kayang-kaya 'to! Tara, simula na tayo!
--

📚 **LOLA PUTI - PART 1 NI RUSSEL MOLINA**
Bigkasin natin ang kada-linya 📣

• Mahina na ang mga mata ng aking Lola. "Ganiyan pag may edad na," ang sabi niya, "pumupurol talaga."

• Kaya sari-sari ang ipinahahanap niya sa akin - aspile, lastiko, butones, tabletang aspirina. Pati pakaw ng hikaw na madalas mahulog sa sahig.

• Pero tuwing Linggo, pag bumibisita ako sa bahay ni Lola, puting buhok ang ipinahahanap niya.Bunutan mo nga ako ng puting buhok, iho," ang laging lambing niya. Si Lola talaga, nagpapabata.

• "Bibigyan kita ng P 0.25 sa kada hibla," ang pahabol niyang buyo.
200.00 / 0.25 = ?

• Sa talas ng aking mata, walang nakatatakas na puting buhok sa akin. Kahit na 'yung nagtatago sa makapal na bungkos ay nahuhuli ko.

• Ang bawat hibla ay may katumbas na barya.

• "O, ayan, may pambili ka na ng kendi, ha." Inabutan ako ni Lola ng P 5.00.
5.00 / 0.50 = ?

• P 0.50 ang kendi sa tindahan ni Tandang Tino. Ilang kendi kaya ang mabibili ko?

• Wag na lang kaya. Baka mabulok ang ngipin ko.

• Kaya pag-uwi ko sa bahay ay inaabot ko na lang kay Nanay ang mga barya na bigay ni Lola. Inilalagay ni Nanay ang lahat sa aking alkansiya.

• "Kung makabubunot ka ng 6 puting buhok tuwing Linggo," ang tanong ni Nanay sa akin, "magkano kaya ang maiipon mo sa 1 buwan? O kaya sa 1 taon?" Napakamot tuloy ako ng ulo. Dapat yata'y ibinili ko na lang 'yung kendi.

-6 x 4 x 0.25 = ?

-6 x 4 x 12 x 0.25 = ?

• Minsan, habang binubunutan ko ng puting buhok si Lola, ay napaisip ako: Ilang hibla ng buhok kaya mayroon si Lola? 864,000 kaya?
864,000 / (60 x 60 x 24) = ?

• Kung bibilangin ko ang 864,000 nang 1 hibla sa bawat segundo, ilang araw ko kaya matatapos ang pagbibilang?

• "Aray, aray, iho!" ang biglang hiyaw ni Lola.

• Hayan tuloy, sa lalim ng pag-iisip ko, 3 itim na buhok ang sabay-sabay na nabunot ko.

• "Ang haba-haba naman nito!" Ipinakita ko kay Lola ang puting buhok na nabunot ko.

• "Aba ano, mga 25 sentimetro na siguro 'yan," ang sabi niya, "pero siguradong hindi hihigit sa 1 metro."

• Lumipad na naman ang utak ko. Ano kaya kung ipunin ko ang lahat ng puting buhok na nabunot ko at pagbuhulin ang mga dulo?

• Makagagawa kaya ako ng tali para sa saranggola ko? Sabi ni Tatay, 5 metro raw ang haba ng tali na kailangan para makalipad nang maayos ang saranggola.

• Ilang puting buhok kaya ang dapat na ipunin ko? "Aray, aray, iho!" Naku po, napahiyaw na naman si Lola.

• (5 x 100) / 25 = ?
*1 metro = 100 sentimentro

--

At natapos natin ang unang bahagi ng istorya! 🤩

Apir! 🙏

✏ **GAWAIN**
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎Magkano ang ibibigay ni lola sa kada nabunot na hibla ng puting buhok? 🤔

Tama! Siya ay bibigyan ng P0.50 sa bawat hibla na puting buhok na kanyang nabunot.

🔎Ano ang kanyang ginawa pagka uwi niya ng kanyang natanggap na P5.00?

Magaling! Ito ay ibinigay niya sa kanyang nanay at inilagay sa alkansya.

🔎Ano ang naisip niyang gawin sa mga naipon na puting buhok ni lola? 👵🏻

Mahusay! Naisip niya itong pagbuhulin upang gawin itong tali ng saranggola 🤗

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**

Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan: Ano ang pinakamasayang ala-ala na natatandaan mo kasama ang iyong Lolo o Lola, o di kaya'y ang pinakamasayang ala-ala mo kasama ang iyong magulang? 🤔

Ano man ang iyong sagot, huwag mo sanang kalimutan na iparamdam sa iyong kapamilya ang iyong pagmamahal at paggalang sa kanila. Ang lahat ng mga masasayang ala-ala na pinagsaluhan ninyo ay nawa'y pakapatandaan at ibaon sa iyong puso upang kapag nagbalik-tanaw ka sa hinaharap ay masasabi mong minsan kang lumigaya at may natutunan sa iyong pamilya.

May parte ba ng aralin ang nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang kayo sa grupo, o maaari rin imensahe si Teacher. ❤

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.